# Ang Pagiging Kuwalipikado sa Medi-Cal ay mas madali na.

## Simula sa Enero 1, 2024, hindi na isasama ang mga ari-arian para matukoy ang pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal!



Mahalaga ang pagkakaroon ng pangangalaga sa kalusugan. Sa pagkakaroon ng coverage para sa serbisyong medical, paningin, dental at kalusugan ng isip, makakatulong ang Medi-Cal. Simula Enero 1, 2024, mas marami nang tao ang magiging kuwalipikado para sa Medi-Cal ngayong ganap nang tinanggal sa programa ang limitasyon sa ari-arian o yaman.

**Ibig sabihin nito** ay makakapag-impok at makakaipon kayo ng yaman habang nakakatanggap ng pagkasakop sa pangangalaga sa kalusugan na kailangan ninyo mula sa Medi-Cal.

**Magpatuloy sa pagbasa para malaman ang higit pa** ▶

Alameda County
**Social Services Agency**

DHCS

## Ano ang mga ari-arian?

Ang ari-arian ay mga bagay na pag-aari ninyo kasama ang mga bank account, pera, sasakyan, real estate, at iba pang yamang pinansiyal.

## Kasama ba sa ari-arian ang buwanang kita?

**Hindi,** hindi kasama sa ari-arian ang buwanang kita sa pagtatrabaho, Social Security o pension sa pagreretiro.

## Paano kung natanggihan ako dati ng pagkakasakop sa Medi-Cal dahil sa limitasyon sa ari-arian?

Kung natukoy na hindi kayo kuwalipikado o natanggihan ng benepisyo dahil sa limitasyon sa ari-arian sa **anim na buwan bago ang Enero 1, 2024,** makakatanggap kayo ng sulat tungkol sa pagbabago ng limitasyon sa ari-arian at mabibigyan ng opsiyon na muling mag-apply sa Medi-Cal.

## Paano ako mag-a-apply para sa Medi-Cal?

**HealthyAC.org**

Matutulungan kayong mag-apply ng mga organisasyong nakabase sa komunidad na malapit sa inyo at masasagot nila ang anumang tanong na mayroon kayo. Bumisita lang sa **HealthyAC.org** ngayon.

**BenefitsCal**

Kung gusto ninyo, puwede rin kayong mag-apply mismo sa **BenefitsCal.com**.

**Huwag palampasin ang pagkakasakop sa pangangalaga sa kalusugan na kailangan ninyo sa Medi-Cal.**

**Mag-apply na!**